

ANG IYONG INTRODUKSYON SA
NYVEPRIA™



Pagsisimula sa aking paggamot gamit ang NYVEPRIA

Maaaring maging hamon ang pagsisimula ng bagong gamutan. Dinisenyo ang brosyur na ito para sagutin ang mga tanong mo at tulongan kang lubusang makinabang sa iyong paggamot.

Tiyaking basahin ang brochure na ito para malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa NYVEPRIA, at tandaang itabi ito sa madaling makita para matulungan kang mas maunawaan ang iyong gamutan. Mahalaga ring maging tapat sa team na nangangalaga sa kalusugan mo tungkol sa kalagayan mo sa gamutang ito. Kausapin sila kapag mayroon kang mga tanong o ikinababahala tungkol sa plano ng paggamot mo.

Para saan ginagamit ang NYVEPRIA?



Ang NYVEPRIA ay ginagamit para gamutin ang neutropenia (nu-tro-**peen**-ee-ah). Ang neutropenia ay isang kondisyon kung saan gumagawa ang katawan ng napakakaunting puting selula ng dugo, na maaaring dulot ng mga gamot na ginagamit sa paggagamot ng kanser. Ang neutropenia ang pinakamalubhang pangkaraniwang side-effect ng chemotherapy. Inilalantad ng neutropenia ang iyong katawan sa mga impeksyon at pumipigil sa iyo para labanan ang mga ito. Nagpasya ang iyong doktor na ireseta sa iyo ang NYVEPRIA para pataasin ang bilang ng neutrophils (**nu**-tro-fils), na lalaban sa mga impeksyon.

Paano gumagana ang NYVEPRIA?

Ang NYVEPRIA ay hindi isang chemotherapy, pero, minsan, puwede itong gamitin kasama ng chemotherapy. Pinasisigla ng NYVEPRIA ang bone marrow na gumawa ng mga puting selula ng dugo. Para matiyak na gumagana ang NYVEPRIA, hihilingin ng iyong doktor na regular kang magpasuri ng dugo para bilangin ang dami ng iyong mga puting selula ng dugo. Mahalagang sundin ang mga tagubilin ng doktor tungkol sa mga pagpapasuri na ito.

Sa anong format makukuha ang NYVEPRIA?



- Prefilled syringe ng BD UltraSafe Plus™ Passive Needle Guard na naglalaman ng 6 mg/0.6 mL (10 mg/mL) ng pegfilgrastim.
- Ang plunger stopper ng syringe at takip ng karayom ng NYVEPRIA ay hindi gawa sa natural na gomang latex.*
- Ang prefilled syringe ng NYVEPRIA ay naka-package sa may dobleng layer na kahon para tumulong na maprotektahan ang gamot.

* Hindi alam ang klinikal na kahalagahan.

Paano ko matatanggap ang NYVEPRIA?



Ang inirerekomendang dosis ng NYVEPRIA ay isang subcutaneous injection, sa ilalim lang ng balat, ng 6 mg/0.6 mL (ang laman ng isang prefilled syringe), na ibinibigay nang isang beses sa bawat siklo ng chemotherapy.



Dapat kang maghintay ng 24 na oras pagkatapos ng iyong gamutan ng chemotherapy ng kanser bago iturok ang NYVEPRIA.

Ano ang gagawin kung makaligtaan ang isang dosis?



Dahil dapat ay may dalawang linggong pagitan ang NYVEPRIA at ang susunod na gamutan ng chemotherapy ng kanser, kung nakaligtaan mo ang nakaplanong dosis, kumonsulta muna sa iyong doktor bago iturok ang nakaligtaang dosis.

Paano ko ituturok ang NYVEPRIA?



Ang iyong doktor ang magpapasya kung kaya mong magturok ng isang subcutaneous (ibig sabihin, sa ilalim ng balat) injection sa iyong sarili. Dapat lang iturok ang NYVEPRIA sa araw na sasabihin ng doktor sa iyo at hindi dapat iturok hanggang sa makalipas ang 24 na oras pagkatapos na matanggap ang huling dosis ng chemotherapy sa bawat siklo.



Kung nagtuturok ka ng NYVEPRIA sa isang tao, mahalagang pag-aralan mo ang tungkol sa NYVEPRIA para malaman kung paano at kailan ituturok ito.

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano maghahanda at magbibigay ng iniksyong NYVEPRIA, tingnan ang pahina 10–13 para sa mga tagubilin sa paggamit.

Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang dapat kong malaman bago ko gamitin ang NYVEPRIA?

Huwag gamitin ang NYVEPRIA kung allergic ka sa pegfilgrastim, filgrastim, alinman sa mga sangkap ng NYVEPRIA, o sa iba pang produktong gawa sa bacteria na *Escherichia coli*. Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga tanong tungkol sa impormasyong ito.

Bago ka gumamit ng NYVEPRIA, sabihin sa iyong healthcare provider ang tungkol sa lahat ng medikal na kondisyon mo, pati na kung:

- May bukol, pamamaga, o pagpapasa sa pinagturukan na hindi nawawala, makipag-usap sa iyong doktor. Paminsan-minsan, posibleng magkaroon ng problema sa pagtuturukan.
- May sickle cell trait o sickle cell disease ka, sabihin sa iyong doktor bago ang gamutan. Kung magkaroon ka ng pananakit ng tiyan o pananakit sa dulo ng iyong balikat, sabihin agad sa iyong doktor o nurse.
- Kung buntis ka, nagpaplanong mabuntis, naghihinalang buntis, o nagpapasuso, dapat kang kumonsulta sa iyong doktor bago gumamit ng NYVEPRIA.

Sabihin sa iyong healthcare provider ang tungkol sa lahat ng medisina na ginagamit mo, kasama ang mga gamot, vitamin, mineral, natural supplement, o alternatibong gamot.



Mahalagang impormasyon sa kaligtasan

Ano ang mga posibleng side effect ng NYVEPRIA?

Ang pinakakaraniwang side effect na puwede mong maranasan ay pananakit ng buto at kalamnan. Kung mangyari ito, madalas na mapapahupa ito sa pamamagitan ng pag-inom ng walang acetylsalicylic acid na pain reliever na nabibili nang walang reseta. Tanungin ang iyong doktor kung ano ang pinakaangkop mong gamitin.

Puwedeng magdulot ang NYVEPRIA ng mga side effect, kasama ang:

- **Pagputok ng lapay (spleen).** Posibleng lumaki at pumutok ang iyong lapay habang gumagamit ng NYVEPRIA. Puwedeng mauwi sa kamatayan ang pagputok ng lapay. Ang lapay ay matatagpuan sa itaas na kaliwang bahagi ng iyong tiyan. Tawagan agad ang iyong doktor kung makadama ka ng kirot sa itaas na kaliwang bahagi ng tiyan o dulong bahagi ng kaliwang balikat. Posibleng mangahulugan ito na lumaki o pumutok ang iyong lapay.
- Puwede ring mangyari ang **malulubhang allergic na reaksiyon**. Puwede magdulot ang mga reaksiyong ito ng pantal sa buong katawan, pangangapos ng hininga, humuhuning paghinga (wheezing), pagbaba ng presyon ng dugo (na madalas na nagdudulot ng pagkahilo o pagkalula), pamamaga sa paligid ng bibig o mga mata, mabilis na tibok ng puso, at pamamawis. Kung makaranas ka ng reaksiyon sa allergy sa panahon ng pagtuturok ng NYVEPRIA, ihinto kaagad ang pagtuturok nito. **Kung may mangyaring anumang malubhang allergic na reaksiyon anumang oras, agad na tumawag sa isang doktor o sa mga serbisyong pang-emergency (halimbawa, tumawag sa 911).**
- **Mababang bilang ng platelet (thrombocytopenia),** na ang palatandaan ay ang madaling pagpapasa at tuminding pagdurugo.
- **Isang malalang problema sa baga na tinatawag na acute respiratory distress syndrome (ARDS).** Kaagad na tumawag sa iyong doktor o humingi ng emergency na medikal na tulong kung nakakaranas ka ng pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga, o mabilis na paghinga.
- May naobserbahang **pinsala sa kidney (glomerulonephritis)** sa mga pasyenteng nakatanggap ng NYVEPRIA. Kaagad na tumawag sa iyong doktor kung makaranas ka ng pamamamas sa iyong mukha o mga bukong-bukong, at may dugo sa iyong ihi o kulay brown na ihi, o kung mapansin mong mas madalang kang umiihi kaysa sa karaniwan.

- **Cutaneous vasculitis,** na ang palatandaan ay pamamantal sa balat na tila kulay ube o pulang mga batik o umbok, mga kumpol ng maliliit na tuldok, mga batik, o tagulabay. Maaari ring mangati ang iyong balat. Makipag-usap sa iyong healthcare provider kung makaranas ka ng mga sintomas na ito.
- **Capillary leak syndrome,** na ang palatandaan ay ang pamamaga o pamamamas, at maiuugnay sa mas madalang na pag-ihi, hirap sa paghinga, paglobo ng tiyan at pagkadama na busog, at pangkalahatang pagkadama ng pagkapagod. Makipag-usap sa iyong healthcare provider kung makaranas ka ng mga sintomas na ito.
- Ang **malubhang sickle cell crisis** ay naiugnay na sa paggamit ng pegfilgrastim sa mga pasyenteng may sickle cell trait o sickle cell disease. May naiugnay na ring malulubhang sickle cell crisis, sa ilang kaso, nauuwi sa kamatayan, sa filgrastim, ang malakas na compound ng pegfilgrastim. Kung mayroon kang sickle cell trait o sickle cell disease, siguraduhing ipaalam ito sa iyong doktor bago simulan ang paggamit ng NYVEPRIA para matalakay ang mga potensyal na panganib at benepisyo.
- **Hindi normal na bilang ng mga immature na selula ng bone marrow (myelodysplastic syndrome),** na maaaring mauwi sa isang uri ng kanser (acute myeloid leukemia), na ang palatandaan ay lagnat, kirot sa buto, mga pasa, hirap sa paghinga, pagdurugo, at pangkalahatang pagkadama ng pagkapagod.*

Nakakaranas ang ilang pasyente ng pamumula, pamamaga, o pangangati ng pinagturukan. Maaaring isa itong allergy sa mga sangkap na nasa NYVEPRIA, o puwede rin itong reaksiyon sa espesipikong bahagi. Kung may mapansin kang alinman sa mga palatandaan o sintomas na ito, tawagan ang iyong doktor.

Hindi lang ito ang lahat ng posibleng side effect na maaari mong maramdaman habang ginagamit ang NYVEPRIA. Kung makaranas ka ng anumang side effect na hindi nakalista rito, tawagan ang iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

*Hindi magandang nangyayari sa mga pasyente ng kanser sa suso at baga na sumasailalim sa chemotherapy at/o radiotherapy

Paano ko mababawasan ang panganib na magkaroon ako ng impeksyon?

Ang neutropenia ay isang kondisyon na nagbibigay sa iyo ng mas mataas na panganib sa pagkaroon ng impeksyon. Kaya, habang gumagamit ng NYVEPRIA, sikaping iwasan ang magkaroon ng mga impeksyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod:

1. Pagsasagawa ng mabuting personal na kalinisan



- **Madalas na hugasan ang iyong mga kamay**, lalo na bago ka kumain at pagkatapos mong gumamit ng banyo
- **Magdala ng hand sanitizer** (maliit na bote) para i-disinfect ang iyong mga kamay
- **Mag-shower nang maligamgam na tubig** (hindi mainit) araw-araw (nang hindi matuyo ang iyong balat)
- **Gumamit ng malambot na sipilyo** para linisin ang iyong mga ngipin at iwasang mairita ang iyong mga gilagid

2. Protektahan ang iyong balat



- **Gumamit ng mga moisturizing lotion** kung maging tuyo o magbitak-bitak ang iyong balat
- **Magsuot ng gomang gwantes** kapag naghuhugas ng plato, naglilinis, o nagtatrabaho sa hardin
- **Huwag pisain o kutkutin ang mga tagihawat**
- **Gumamit ng electric shaver** imbes na razor para maiwasang masugatan ang iyong balat
- **Iwasang mapaso** kapag nagpaplantsa o nagluluto
- **Linisin agad ang anumang hiwa o galos** gamit ang maligamgam na tubig at sabon

3. Subukang manatiling malusog sa kabuuan



- **Magpahinga nang sapat**
- **Kumain ng balanseng diyeta**
- **Uminom ng sapat na likido**
- **Mag-ehersisyo** nang madalas hangga't kaya mo
- **Lumayo sa mga taong may sipon**, trangkaso, o isang nakakahawang sakit
- **Umiwas sa matataong lugar**, gaya sa mga shopping mall o sa mga bus
- **Iwasan ang pagkain ng mga hindi lutong itlog, hilaw o kulang sa luto na karne, manok, isda, at lamang-dagat**
- **Alisin ang mga halaman sa loob ng bahay**—puwedeng pagmulan ng mga germ ang mga buhay na halaman
- **Iwasang maglinis ng mga kahon ng dumi ng pusa** o mga hawla ng ibon

Tukuyin at iulat ang mga impeksyon

Maaaring pababain ng NYVEPRIA ang panganib na magkaroon ng impeksyon, pero maaaring hindi nito mahadlangan ang lahat ng impeksyon. Puwede pa ring mangyari ang impeksyon sa loob ng maikling panahon kapag mababa ang mga antas ng iyong puting selula ng dugo. Tandaang iulat ang anumang sintomas ng impeksyon sa iyong doktor o team na nag-aalaga sa iyong kalusugan.

Kasama sa ilan sa mga pinakakaraniwang palatandaan at sintomas ng impeksyon ang:

- lagnat at mga pangangalikig
- pamamantal, pamamaga, at pamumula
- masakit na lalamunan
- pagtatae
- pagtutubig, nana, pamumula, pamamaga o pananakit ng hiwa, sugat, o pagtistis

Huwag gumamit ng anumang gamot para sa lagnat nang hindi muna nagtatanong sa team na nag-aalaga sa iyong kalusugan.

Mga Kapaki-pakinabang na Madudulugan sa Web

www.cancer.ca (Canadian Cancer Society)
www.cancer.org (American Cancer Society)
www.standuptocancer.ca

Mga tagubilin sa paggamit

Paggamit ng prefilled syringe ng NYVEPRIA


1) Alisin ang kahon ng prefilled syringe mula sa refrigerator

- Alisin ang panloob na kahon ng syringe mula sa panlabas na kahon ng prefilled syringe. Sa malinis at maliwanag na surface, ipatong ang panloob na kahon ng syringe sa room temperature sa loob ng **30 minuto** bago ang pagtuturok.

- X** o **Huwag** gamitin ang prefilled syringe kung may sira ang panloob na kahon ng syringe.
- X** o **Huwag** subukang painitin ang prefilled syringe sa pamamagitan ng pampainit gaya ng mainit na tubig o microwave.
- X** o **Huwag** ilalagay ang prefilled syringe sa lugar na direktang nasisinagan ng araw.
- X** o **Huwag** alugin ang prefilled syringe.

2) Ipunin ang lahat ng materyal na kailangan para sa pagtuturok at suriin ang gamot at ang prefilled syringe

- Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig.
- Sa malinis at maliwanag na surface, ilapag ang:
 - Pampahid na may alkohol
 - Binilot na bulak o pad ng gasa
 - Dumidikit na benda
 - Lalagyan ng itatapong matutulis na bagay
 - Prefilled syringe
- Buksan ang panloob na kahon ng syringe at damputin ang needle guard para ilabas ang prefilled syringe mula sa panloob na kahon ng syringe.
- Para sa kaligtasan:
 - X** • **Huwag** damputin ang plunger rod.
 - X** • **Huwag** damputin ang takip ng karayom.




- Siguraduhing malinaw at walang kulay ang gamot sa prefilled syringe.

- X** • **Huwag** gamitin ang prefilled syringe ng NYVEPRIA kung:
 - Namumuti o nag-iba ng kulay ang gamot, o kung may mga lumulutang na bagay o partikula
 - May bitak o basag ang alinmang bahagi
 - Nahulog ang prefilled syringe
 - Nawawala ang takip ng karayom o hindi maayos na nakakabit
 - Lampas na ang petsa ng pag-expire na nakalagay sa label

3) Maghanda

- Pumili ng pagtuturuan



- Linisin ang pagtuturuan gamit ang pampahid na may alkohol. Patuyuin ang balat.
- X** • **Huwag** hihipuing muli ang pagtuturuan bago ang pagtuturok.
- Kung gusto mong gamitin ang parehong lugar na pagtuturuan, siguraduhing hindi ito sa mismong pinagtuturuan ng nakaraang iniksyon.
- X** • **Huwag** iturok sa bahaging namamaga, mapula, may pasa, o matigas. Iwasang iturok sa mga bahaging may peklat o stretch mark

Hawakan ang prefilled syringe sa needle guard. Maingat na alisin ang takip ng karayom palayo sa katawan. Itapon ang takip ng karayom sa lalagyan ng itatapong matutulis na bagay. **Huwag ibalik ang takip.**

- X** • **Huwag** alisin ang takip ng karayom sa prefilled syringe hanggang sa handa ka nang magturok.
- X** • **Huwag** pilipitin o baluktutin ang takip ng karayom.
- X** • **Huwag** hawakan ang prefilled syringe sa plunger rod.
- X** • **Huwag** ibalik ang takip ng karayom sa prefilled syringe.

Mga tagubilin sa paggamit


4) Iturok ang iyong dosis ng NYVEPRIA

- Pisilin ang pagtuturukan para makagawa ng matigas na surface.



Mahalaga: Huwag aalisin ang pagkakapisil sa balat habang nagtuturok.


- Huwag aalisin ang pagkakapisil. Iturok ang karayom sa balat nang 45 hanggang 90 degree na anggulo.




- Sa mabagal at pantay-pantay na pagdiin, itulak ang plunger rod hanggang maabot nito ang dulo.



- Kapag wala nang laman ang syringe, marahang hilahin ang syringe mula sa balat.



- Habang binibitawan ang plunger, awtomatikong magsi-slide ang needle guard sa karayom hanggang sa lubusang natatakpan ang karayom at mag-lock ang needle guard sa puwesto nito. **Huwag ibalik ang takip ng karayom.**



Mahalaga: Kapag inalis mo ang syringe, kung parang nasa syringe barrel pa rin ang gamot, ibig sabihin nito ay hindi kumpleto ang dosis na natanggap mo. Tawagan agad ang iyong healthcare provider.

5) Suriin ang pinagturukan at itapon ang syringe

- Kung may dugo, diinan ng binilot na bulak o pad ng gasa ang pinagturukan. **Huwag** kukuskin ang pinagturukan. Maglagay ng dumidikit na benda kung kailangan.
- Itapon ang syringe gaya ng ibinilin ng iyong healthcare provider sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa ibaba. Maaaring may mga natatanging batas ng probinsya o lokal para sa pagtatapon ng nagamit na mga karayom at syringe.
 - o Agad na ilagay ang ginamit mong prefilled syringe sa lalagyan ng itatapong matutulis na bagay pagkatapos ng paggamit. **Huwag** itapon ang mga syringe sa inyong basurahan sa bahay.
 - o Palaging itabi ang lalagyan ng itatapong matutulis na bagay sa lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Tingnan ang detalyadong “Mga Tagubilin sa Paggamit” sa pahina sa Patient Information Leaflet para sa mga detalye tungkol sa kung paano ihahanda at ituturok ang isang dosis ng NYVEPRIA.

Paghahanda para sa aking susunod na appointment

Mahalagang magtanong at sabihin sa team na nangangalaga sa kalusugan mo kung mayroon kang mga ikinababahala tungkol sa iyong paggamot. Gamitin ang espasyo sa ibaba upang isulat ang anumang gusto ninyong talakayin sa inyong pangkat sa alinman sa ilang susunod na pagpapatingin ninyo.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____
6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa team na nangangalaga sa aking kalusugan

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____


Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Pangalan: _____ Numero ng telepono: _____

Ang aking tracker ng pagtuturok

Nasa ibaba ang isang chart na makakatulong sa iyo sa pagpapaalala ng mga tamang lugar ng pagtuturuan sa iyong katawan. Bilang karagdagan, para maiwasang magturok sa parehong pinagturuan noong nakaraang iniksyon, gamitin ang chart sa susunod na pahina para maalala mo kung saan ka nagturok noong nakaraan. Bilang paalala, kailangan mong maghintay ng 24 na oras bago gamitin ang NYVEPRIA matapos makatanggap ng chemotherapy. Kaya, kung sa araw ang iyong chemotherapy, puwede mong planuhing magturok ng NYVEPRIA sa gabi ng susunod na araw.




Available na ngayon ang **Pfizer G-CSF virtual co-pay card** sa pamamagitan ng ClaimSecure para sa mga pasyente ng NYVEPRIA!

Pakidala ang co-pay card sa iyong pipiliing pharmacy. Maaaring saklawan ng card ang **hanggang 30% ng gastusin para sa NYVEPRIA**.

Para sa mga pharmacist na nagpoproseso ng pagbabayad sa pamamagitan ng ClaimSecure, pakigamit ang mga sumusunod:

- Tagapagbayad na third-party: ClaimSecure
- Numero ng grupo ng Pfizer G-CSF: 37327
- ID ng Sertipiko: Para sa mga residente ng Quebec = 00002001NV
Para sa mga residente ng Canada sa labas ng Quebec = 00001001NV
- Koordinasyon: Huling Tagapagbayad
- Code ng relasyon: CARDHOLDER

Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa ClaimSecure Pharmacy Customer Support sa 1-800-461-6579 kung mayroon kang karagdagang tanong o kung kailangan mo pa ng detalye.



Pfizer Liaison

Programa ng Suporta sa Pasyente

Ikinokonekta kayo sa mga resource na sumusuporta sa inyong paggamot at umaakma sa pangangalagang ibinibigay ng inyong pangkat sa pangangalagang pangkalusugan

- Pagsiyasat at pagtatasa ng reimbursement
- Koordinasyon ng mga benepisyo sa seguro
- Pinansyal na tulong*
- Impormasyon tungkol sa paggagamot

Para magpatala sa Pfizer Liaison, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono, 1-844-533-0150; fax, 1-844-533-1151; o email, pfizerliaison@rxinfinity.ca.



Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa mypfizer.ca

* Hindi magagarantiyahan ang pinansyal na tulong.



TUNTUNIN NG PAGGAMIT PARA SA VIRTUAL CO-PAY CARD

Pakitabi ang iyong G-CSF card dahil puwedeng patuloy mo pa rin itong gamitin hangga't patuloy ang pagreseta ng iyong doktor o hanggang sa paghinto ng programa. Puwedeng magbago ang halaga ng pinansyal na tulong depende sa mapagpapasyahan ng manufacturer. Hindi ibibigay sa pharmaceutical manufacturer o sa anumang third party ang anumang personal na data na nakolekta.

Ang BD UltraSafe Plus™ ay isang trademark ng Safety Syringes, Inc.
na ang parent company ay ang Becton, Dickinson and Company.
Ang NYVEPRIA™ ay isang trademark ng Hospira, Inc. Ginagamit sa ilalim ng lisensiya.
© 2022 Pfizer Canada ULC. Nakalaan ang lahat ng karapatan.
PP-NYV-CAN-0002-TL

